Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Hulyo 13, 1983

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 146, s. 1983

PAGDIRIWANG SA LINGGO NG WIKANG PILIPINO SA TAONG 1983

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Pinuno ng mga Lingkuran at Puno ng mga Yunit
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralang Pribado, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ipagdiriwang ang "Linggo ng Wikang Pilipino" sa taong 1983 mula sa ika-13 hanggang ika-19 ng Agosto. Ang paksa ng pagdiriwang para sa taong ito ay "Pilipinismo sa Wikang Pilipino". Hinaba-hahagi sa pang-araw-araw na paksa ang mga gawain sa buong isang linggo gaya ng sumusunod:

Agosto 13 - Sabado - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Batayan ng Pagkakaisa

Agosto 14 - Linggo - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Isang Instrumento sa Pagpapahalagang Moral at Espiritwal ng Mamamayan

Agosto 15 - Lunes - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Kasangkapan sa Pagkakaisa sa mga Paaralan

Agosto 16 - Martes - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Daan sa Pagkakaisa ng Mag-anak

Agosto 17 - Miyerkules - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Saligan ng Pag-unlad ng Pamayanan

Agosto 18 - Huwebes - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Hagdan sa Pag-unlad na Pangkabuhayan ng Bansa

Agosto 19 - Biyernes - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Landas sa Pambansang Pagkakaisa

2. Kalakip ng Memorandum na ito ang talaan ng mga mungkahing gawain para sa isang linggong pagdiriwang sa Linggo ng Wika. Ang mga gawaing nabanggit ay dapat isakatuparan sa Pilipino upang ganap

na magag-ukulang pansin at pagpapahalaga ng mga kabataang nagsisipag-aral at ng sambayanang Pilipino ang patuloy na pagpapaunlad at pagpapayaman sa wika na siyang pinakamabisang kasangkapan tungo sa ikapagtatamo ng pambansang pagkakakilanlan, pambansang pagkakaisa o pagtutulungan at pambansang karapatan.

3. Sa pitong araw na pagdaraos ng pagdiriwang na ito, hinihiling maisangkot ang lahat ng mga mamamayan mula sa kabataan hanggang sa mga may sapat na gulang, lalung-lalo na ang mga taong may kaugnayan sa mga kilusang pangwika ng paaralan at ng pamayanan. Lubhang mahalaga at sadyang kailangan ang kanilang pakikipagtulungan at pakikilahok sa gawaing ito, upang ang mga layunin ng pagdiriwang ay matagumpay na maisakatuparan.

4. Ipinatatagubilin sa mga tagapamahala ng mga paaralan na isama sa kanilang taunang ulat ang lahat ng mga kilusan at iba pang gawaing ginanap sa panahon ng pagdiriwang sa Linggo ng Wikang Pilipino.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

Kalakip:

Gaya ng nasasaad

Sanggunian:

Memorandum Pangministri: Blg. 157, s. 1982

Pamamudmod: 1-2-3-4-- (D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
COMMUNICATION ARTS
PUPILS
REPORT
SOCIETY or ASSOCIATIONS
STUDENTS

(Kalakip ng Memorandum Pangministri Blg. 146, s. 1983)

PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN

**Paksa: Pilipinismo sa Wikang Pilipino**

Agosto 13 - Sabado - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Batayan ng Pagkakaisa ng mga Pamayanan at Barangay

a. Pagbubukas ng Pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pilipino sa Pangangasiwa ng paaralan at barangay

b. Pagdaraos ng Palatuntunan na kaugnay ng paksa ng pagdiriwang

Maaaring ipamahala ang palatuntunan sa pagtutulungan ng pamunuan ng Barangayette ng paaralan at barangay ng pamayanan

k. Talakayan at pagpapalitang kuro tungkol sa paksa

d. Paggamit ng Pilipino sa pag-uusap sa mga barangay at sa paggawa ng mga pahayag

Agosto 14 - Linggo - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Isang Instrumento sa Pagpapahalagang Ispiritual at Moral

a. Pagdalo at pakikinig sa mga seremonyang nauukol sa pananampalataya na tatalakay sa Pilipinismo sa mga pagpapahalagang ispiritual at moral

b. Pakikinig/paglahok sa talakayan ukol sa Pilipinismo na natatagpuan sa mga kasaysayang banal na nasusulat sa Pilipino

k. Pag-aanyaya sa mga puno ng samahang sibiko at pang-relihiyon upang magbigay ng panayam hinggil sa gagampanin ng Pilipinismo sa mga pagpapahalagang ispiritual at moral ng mga mamamayan

Agosto 15 - Lunes - Pilipinismo sa Wikang Pilipino; Kasangkapan sa Pagkakaisa sa Paaralan

a. Pagdaraos ng mga gawaing kaugnay ng paglinang ng Pilipinismo gaya ng:

1. pagbasa ng mga tulang nasusulat sa Pilipino na nagpapahayag ng diwa ng Pilipinismo

2. pag-aaral ng talambuhay ng mga taong nagtaguyod at ipinaglaban ang Pilipinismo

3. timpalak sa pagsulat ng maikling kuwento/ sanaysay/tula tungkol sa paksa

4. timpalak sa pag-awit at pagtatanghal ng mga katutubong sayaw

b. Paggamit ng Pilipino sa loob ng bakuran ng paaralan

k. Pagtatatag ng pampaaralang samahan na naglilinang at nagpapalaganap ng Pilipinismo

Agosto 16 - Martes - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Daan at Pagkakaisa ng Mag-anak

a. Pagdaraos ng pagpupulong at sosyon na ginagamit ang Pilipino

b. Paglahok/Pakikinig sa isang talakayan ng samahan ng magulang at guro sa paglinang ng Pilipinismo sa tahanan

Agosto 17 - Miyerkules - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Saligan ng Pag-unlad ng Sambayanan

a. Paggamit ng Pilipino sa mga opisyal na transaksiyon sa pamayanan/barangay

b. Pagpaplano ng mga proyektong makatutulong sa paglinang at pagpapaunlad ng Pilipinismo sa barangay gaya ng:

pagtatatag ng aklatang pambaranguy na katatagpuan ng mga kapakipakinabang na babasahing Pilipino na nagpapahayag ng Pilipinismo

Agosto 18 - Huwebes - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Hagdan sa Pag-unlad na Pangkabuhayan ng Bansa

a. Pagdaraos ng mga kapulungang tatalakay sa gagampanan ng Pilipinismo sa paglutas ng mga suliraning pambansa

b. Paglulunsad ng kampanya na nauukol sa pakikilahok sa mga proyekto ng KKK sa pamayanan

k. Pagtatanghal ng mga proyektong yari sa pamayanan

Agosto 19 - Biyernes - Pilipinismo sa Wikang Pilipino: Landas sa Pambansang Pagkakaisa

a. Pagdaraos ng pangwakas na palatuntunang tatampukan ng mga sayaw, awitin, tugtugin at bigkasing Pilipino

b. Pagtatanghal ng makasaysayang kabanata sa buhay ng mga taong nagtataguyod at ipinakikipaglaban ang isyu ng Pilipinismo

k. Pagtalakay sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunan bunga ng kaunlarang dulot ng pamahalaan.

#